






# Mga Katanungan para sa Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlan ng Kasarian:

## Impormasyon para sa mga Pasyente



**Salamat sa paglalaan ng oras upang makumpleto ang mga katanungang ito.**

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan, hinihikayat ka naming makipag-usap sa iyong doktor.






Ang proyektong ito ay suportado ng Administrasyon ng mga Mapagkukunang Pangkalusugan at mga Serbisyo (HRSA) ng Kagawaran ng Kalusugan at Pantaong mga Serbisyo ng US (HHS) bilang bahagi ng isang gantimpala na nagkakahalaga ng $449,985.00 na may 0 na porsyento na pinondohan gamit ang mga mapagkukunang hindi pampamahalaan. Ang mga nilalaman ay galing sa (mga) may-akda at hindi dapat ituring na kumakatawan sa opisyal na pananaw, ni isang pag-endorso, ng HRSA, ng HHS, o ng Pamahalaan ng U.S. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa HRSA.gov.

NATIONAL LGBT HEALTH EDUCATION CENTER
A PROGRAM OF THE FENWAY INSTITUTE

TFIE-47-TL

Kami ay nagtatanong sa iyo tungkol sa iyong sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian upang makapagbigay nang mas nakasentro sa pasyente ng pag-aalaga. Basahin ang nasa loob upang malaman kung ano ang kahulugan ng mga katanungan, at kung paano gagamitin ang impormasyon para mapahusay ang pangangalagang pangkalusugan para sa lahat.

## Q: BAKIT AKO TINATANONG TUNGKOL SA AKING SEKSWAL NA ORYENTASYON AT PAGKAKAKILANLAN NG KASARIAN?

Ang malamang ang tungkol sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng aming mga pasyente ay tutulong sa amin upang mas mabuting maunawaan ang mga populasyon na aming pinaglilingkuran. Pinahihintulutan din nito ang pag-aalok namin ng pag-aalaga na tumutugon sa kultura na nakatuon sa mga partikular na pangangailangan ng isang pasyente.

## Q: ANO ANG PAGKAKAKILANLAN NG KASARIAN?

Ang **pagkakakilanlan ng kasarian** ay ang panloob na pakiramdam ng isang tao sa pagiging isang dalaga/babae, isang binata/lalaki, iba pa, o walang kasarian.

Ang salitang "transgender" ay naglalarawan sa mga tao na ang pagkakakilanlan ng kasarian at ang kasarian sa kapanganakan ay hindi tumutugma batay sa tradisyonal na mga inaasahan.

- **Transgender na babae** ay naglalarawan sa isang tao na lalaki sa kapanganakan na mayroong babaeng pagkakakilanlan ng kasarian.
- **Transgender na lalaki** ay naglalarawan sa isang tao na babae sa kapanganakan na mayroong lalaking pagkakakilanlan ng kasarian.

Kasama sa karagdagang mga pagkakakilanlan ng kasarian, ngunit hindi limitado sa:

- **Gender fluid** ay naglalarawan sa isang tao na mayroong pagkakakilanlan ng kasarian na hindi nakatakda.
- **Genderqueer/non-binary** ay naglalarawan sa mga tao na ang pagkakakilanlan ng kasarian ay nasa labas ng tradisyonal na gender binary na dalaga/babae o binata/lalaki.

## Q: ANO ANG SEKSWAL NA ORYENTASYON?

Ang **sekswal na oryentasyon** ay kung paano inilalarawan ng mga tao ang kanilang emosyonal at pisikal na atraksyon sa ibang mga tao.

- Ang **Heterosekswal (straight)** ay naglalarawan sa mga kababaihan na naaakit sa mga kalalakihan, at mga kalalakihan na naaakit sa mga kababaihan.
- Ang **Bakla** ay naglalarawan sa mga taong naaakit sa mga taong na may katulad nilang kasarian. Ang salitang "bakla" ay kadalasang tumutukoy sa mga lalaki na naaakit sa mga lalaki
- Ang **Tomboy** ay naglalarawan sa mga babae na naaakit sa ibang mga babae
- Ang **Silahis** ay naglalarawan sa mga taong emosyonal at sekswal na naaakit sa mga babae at mga lalaki. Ang ilang mga tao tumutukoy sa pagiging silahis bilang atraksyon sa lahat ng mga kasarian.

Ang ilang mga tao ay gumagamit ng ibang mga **salita**, tulad ng queer, para isalarawan ang kanilang sekswal na oryentasyon.

## Q: PAANO KUNG HINDI AKO SIGURADO KUNG PAANO SASAGOT?

Maaari mong piliin ang **"Hindi ko Alam"** kung ikaw ay hindi sigurado, o maaari kang makipag-usap sa iyong doktor.

## Q: PAANO KUNG WALA SA MGA KATEGORYA ANG NAGLALARAWAN SA AKIN?

May maraming mga sekswal na oryentasyon at mga pagkakakilanlan ng kasarian. Sa kasamaang palad, hindi posible na ilista lahat ang mga ito. Kung ang iyong sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlan ng kasarian ay hindi kasama sa ibinigay na listahan, maaari kang pumili ng isang karagdagang kategorya o, kung may puwang na ibinigay, maaari mong isulat ang mga salita na iyong ginagamit upang isalarawan ang iyong sarili.

## Q: PAANO KUNG HINDI KO GUSTONG IBAHAGI ANG IMPORMASYONG ITO?

Maaari mong piliin ang **"Piliin na hindi ibunyag."** Sa hinaharap, ang iyong doktor ay maaaring itanon ang mga katanungang ito sa iyo nang pribado, at maaari mong tanungin ang iyong doktor ng mga katanungan. Hindi mo kailangang sumagot kung hindi mo gusto.

## Q: SINO ANG MAKAKAKITA NG IMPORMASYONG ITO?

Makikita ng iyong mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang impormasyong ito, at ito ay maaaring maging bahagi ng iyong elektronikong talaang medikal. Kung isang kawani ang maglalagay ng impormasyon sa iyong talaang pangkalusugan, ang taong iyon ay makakakita rin sa iyong mga sagot. Kung ikaw ay may mga pag-aalala, makipag-usap sa iyong doktor.

## Q: PAANO MAPROPROTEKTAHAN ANG AKING IMPORMASYON?

Ang impormasyon ng iyong sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian ay kumpidensyal at protektado ng batas, tulad ng lahat ng iyong iba pang impormasyong pangkalusugan. Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, ang iyong magulang/tagapag-alaga ay maaaring mayroong akses sa impormasyong ito. Makipag-usap sa iyong doktor kung ikaw ay may anumang mga pag-aalala.

## Q: PAANO GAGAMITIN ANG IMPORMASYONG ITO?

Gagamitin ng iyong (mga) doktor ang impormasyong ito upang mas mabuting maunawaan at matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Bilang karagdagan, ang pagkolekta ng impormasyong ito mula sa lahat ng mga pasyente ay magpapahintulot sa mga sentro ng kalusugan upang makita kung may mga pagkukulang sa pangangalaga o mga serbisyo sa iba't ibang mga populasyon.

## Q: BAKIT NAGTATANONG ANG MGA SENTRO NG KALUSUGAN TUNGKOL SA MGA PANGHALIP?

Ang mga **panghalip** ay mga salitang ginagamit ng mga tao kapag sila ay tumutukoy sa iyo, na hindi gumagamit ng iyong pangalan. Ang mga halimbawa ng mga panghalip ay sa kanya, at sa kanila. Ang pagtatanong tungkol sa mga panghalip ay tutulong sa mga kawani na matukoy ang mga pasyente nang tama. Kung hindi man, gagawa ng mga pagpapalagay ang mga kawani, na maaaring humantong sa nakakahiya at walang galang na mga sitwasyon.